**Pinahuhusay ang Kabutihan – M4Y**

**Makipag-ugnayan. Manatiling Ligtas. Pahusayin ang Kabutihan.**

**Sumali sa amin!**

Kami ay naghahanap ng mga imigranteng babae at kabataang naapektohan ng karahasan at abuso para ibahagi nila ang kanilang naging karanasan at mga istratehiya para kayanin ito, bago nangyayari ang pandemya ng COVID-19 at habang nangyayari ito. Ito'y isang research project na magtatagal nang 5 taon, ng Vancouver & Lower Mainland Multicultural Family Support Services Society.

**Tungkol saan ang research na ito?**

- Pagbigay-diin sa mga imigranteng kababaihan at kabataan (19-25) na naapektohan ng karahasan at abuso (karahasan sa pamilya, karahasan mula sa asawa o kinasama, karahasan dahil sa kasarian)
- Pag-unawa sa kanilang naging karanasan ng pandemya ng COVID-19
- Pagbigay-diin sa kanilang mga istratehiya upang kayanin ang mga ito
- Pagdibelop ng isang libreng interactive app batay sa kung ano ang sinasabi ng mga tao na kailangan nila

**Sino-sino ba ang nais naming marinig?**

- Ang mga imigranteng babae at kabataan, anuman ang kasarian, na naapektohan ng karahasan at abuso bago at habang nangyayari ang pandemya ng COVID-19
- Ang Chinese, Eastern European, Filipino, Persian, South Asian o Spanish na mga komunidad
- Ang mga naninirahan sa Fraser Valley, Okanagan, Metro Vancouver o Southern Vancouver Island regions

This project is funded by Public Safety Canada

Public Safety Canada Sécurité publique Canada

Canada

**Ano ba ang mangyayari kapag lumahok?**

- May 4 na focus group sessions na gagawin sa susunod na 4 na taon, simula 2024
- 2-oras na mga session ang siyang gagawin nang personal o online
- Ang transportasyon at gastos sa childcare na may kinalaman sa paglahok ay babayaran

**Ano ang mga benepisyo ng paglahok?**

- Makikipag-ugnayan sa iba sa isang ligtas na kapaligiran
- Malalaman kung ano ang web safety at kung paano gamitin ang digital tools
- Makakuha ng impormasyon at resources tungkol sa karahasan at abuso
- Makakuha ng gift cards bilang aming pasasalamat
- Mag-enjoy sa lunch at pang-merienda na ihahanda amin
- Tulungan kaming tulungan ang iba

**Sumali na po kayo sa amin!**

Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring mag-email kay m4y@vlmfss.ca o kaya'y tumawag sa amin sa 604.436.1025 ext. 140

**Sino Kami**

Simula pa noong 1991 naglalaan ang Vancouver & Lower Mainland Multicultural Family Support Services Society ng isang ligtas at kompidensyal na mga serbisyong nagsasaalang-alang sa kultura, sa mahigit sa 24 na wika sa mga kababaihan at sa kanilang mga anak na naapektohan ng karahasan sa pamilya.

**Pagkilala sa Lupa**

Magalang na kinikilala ng VLMFSS na kami ay naninirahan, nagtratrabaho, at naglalaro sa unceded Coast Salish territory, na ibinabahagi ng Musqueam, Squamish, Qayqayt, Katzie, Semiahmoo, Kwantlen at Tsleil-Waututh Nations.

Bilang isang ahensiyang nagsisilbi sa mga imigrante, refugees, at visible minorities, kami ay nakikiisa at nagsusuporta habang pinagsisikapan naming magkaroon ng mas magalang na kolaborasyon at partnership sa lahat ng mga tao patungo sa ating kolektibong landas para sa Katotohanan, Pagpapagaling, at Pambansang Pagkakasundo.

This project is funded by Public Safety Canada

Public Safety Canada Sécurité publique Canada

Canada